2. Ibabad sa 16 litrong tubig nang ½ oras, lagyan ng 1 sabon na Perla hanggang matunaw.
3. Salain.

**Paraan ng Paggamit**

- I-*spray* sa halaman tuwing hapon sa loob ng 2-3 araw.

**BAWANG (*Allium sativum*)**



**Peste na tatamaan**

Para sa mga insektong maninipsip (*sucking insects*)

**Paraan ng Paggawa**

1. Dikdikin ang kalahating (1/2) kilo ng bawang. Maaari ring haluan ng ibang uri ng pangontra sa peste tulad ng gata ng niyog o tabako
2. Lagyan ng 2 kutsarang *edible oil* at 1 litrong tubig.
3. Lagyan din isang pirasong sabon na Perla at tunawin.

**Paraan ng Paggamit**

- Ihalo ang 1 parte ng solusyon sa 50 parteng tubig at i-*spray* sa hapon.

**LUYA (*Zingiber officinale*)**



**Peste na tatamaan**

*Aphids* at *repellant* ng atangya at iba pang insekto

**Paraan ng Paggawa**

1. Pakuluan ang 2 kilong dahon sa 10 litrong tubig kasama ang 2 pirasong sabon na Perla. Maaari ring dikdikin at ibabad ito ng 8-24 oras .
2. Salain at gamitin agad.

**Paraan ng Paggamit**

1. Ihalo ang apat (4) na litrong sabaw sa 16 litrong tubig.
2. I-*spray* tuwing hapon sa loob ng 2-3 araw.

**PANGKALAHATANG TAGUBILIN**

- Patabain ang lupa
- Magtanim ng pantaboy peste
- Magtanim ng *sacrificial plants*
- Magsalit-tanim o ikot-tanim
- Gumamit ng matibay na uri ng binhi
- Wilihin ang mga kaibigang kulisap
- Magkilib
- Huling depensa ang paggamit ng kemikal na pestisidyo




**Pinagkuhanan ng Teknolohiya**
Department of Agriculture
Regional Crop Protection Center MIMAROPA

Department of Agriculture
**AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE**
**Regional Training Center - MIMAROPA**

Barcenaga, Naujan, Oriental Mindoro
www.ati.da.gov.ph/ati-4b/
dcc_mimaropa@ati.da.gov.ph
(034) 738-3663
@atimimaropa

**FARMERS CONTACT CENTER**
*"Ang inyong kaagapay sa usaping agrikultura"*
1-800-10-982-2474 *(Provincial toll-free)*
0920-946-2474
www.ati.da.gov.ph
www.e-extension.gov.ph
info@e-extension.gov.ph


# NATURAL NA PANGONTRA SA PESTE

Ang pamamaraang nakasaad dito ay hindi solusyon sa problema ng peste at sakit sa sakahan. Ito ay magsisilbing pangunang lunas lamang. Ito rin ay magsisilbing batayang impormasyon para sa maliliit na magsasaka upang itaguyod ang kanyang sariling eksperimento at pananaliksik na nakabatay sa pagmamasid sa kapaligiran at ng sakahan.

## HERBAL EXTRACT

Ang *Herbal Extract* (HE) ay produkto ng simpleng pagbabad ng mga spices (luyang dilaw, luya, bawang, sibuyas, at iba pa) sa lambanog o tuba. Dahil sa katangiang taglay ng *spices* at *alcohol,* maaari itong gamiting pamuksa ng peste at panlaban sa sakit ng halaman.






### Paraan ng Paggawa

1. Maghiwalay ng ½ kilong luya o luyang dilaw at kalahating ½ kilong bawang.
2. Pagsamahin ang dalawang napiling sangkap at ibabad sa 2 litrong lambanog o tuba.
3. Makalipas ang 3 araw, maaari nang gamitin ang solusyon. (Maaari gamitin ang barak bilang alternatibo sa luya.)

### Paraan ng Paggamit

1. Ihalo ang 2 kutsarang HE sa 1 litrong tubig, at ipambomba sa halaman na may sakit o sa umaatakeng peste.
2. Maaari ring gamitin ang HE bilang pangliway (*inoculants)* sa binhi at punla.

## GATA NG NIYOG (*Cocos nucifera L.)*

### Peste na tatamaan

*Aphids, scale insects,* pampabaog ng itlog ng insekto at uod



### Paraan ng Paggawa

1. Kayurin ang 2 niyog, lagyan ng 1 litrong tubig at pigain.
2. Lagyan muli ng 1 litrong tubig para sa pangalawang pagpiga.
3. Ihalo nang maigi ang 1 pirasong sabon na Perla sa 2 litrong gata ng niyog hanggang matunaw.

### Paraan ng Paggamit

1. Ihalo ang 1 parte ng solusyon sa 10 litrong tubig.
2. I-*spray* sa hapon nang dalawang beses na may 2 araw na pagitan.

### *Paalala*

Huwag i-*spray* sa tanghali dahil ang taglay na langis ng gata ay maaaring makasunog ng dahon at halaman.

## MAKABUHAY (*Tinospora rumphii)* at TANGLAD *(Cymbopogon)*

### Peste na tatamaan

Uod, atangya, *beetles* at *aphids*




### Paraan ng Paggawa

1. Pakuluan nang isang oras ang 1 kilong tinadtad na katawan ng makabuhay, 1/2 kilo ng salay o tanglad sa 10 litrong tubig. Maaari ring haluan ng ibang uri ng pangontra sa peste tulad ng gata ng niyog o tabako.
2. Palamigin at ilagay sa malinis bote.

### Paraan ng Paggamit

1. Ihalo ang 4-5 litrong sabaw sa 16 litrong tubig.
2. I-*spray* sa halaman sa hapon sa loob ng 2 araw.

## CHRYSANTHEMUM *(Chrysanthemum indicum)*

### Peste na tatamaan

Lahat ng insekto



### Paraan ng Paggawa

1. Ibabad ang kalahating (1/2) kilong dahon ng Chrysanthemum sa 10 -15 litrong tubig na maligamgam. Maaari ring haluan ng ibang uri ng pangontra sa peste tulad ng gata ng niyog o tabako.
2. Lagyan ng 1 pirasong sabon na Perla sa loob ng 1-2 oras hanggang matunaw.
3. Palamigin, salain at i-*spray* sa halaman na may peste.

## SILI (*Capsicum annuum)*

### Peste na tatamaan:

Uod, *aphids* at langgam



### Paraan ng Paggawa

1. Dikdikin ang may isang lata ng sardinas na sili. Maaari ring haluan ng ibang uri ng pangontra sa peste tulad ng gata ng niyog o tabako.
2. Ihalo sa 16 litrong tubig na may natunaw na 1 pirasong sabon na Perla.

### Paraan ng Paggamit

- I-*spray* sa halaman sa loob ng 2 – 3 beses araw-araw tuwing hapon.

## MARIGOLD / AMARILYO (*Calendula officinalis)*



### Peste/sakit na tatamaan

*Repellant* sa mga insekto, pangontra sa mga *nematodes* at ilang peste sa ugat ng halaman.

### Paraan ng Paggawa

1. Dikdikin ang 1 kilong dahon at katawan ng amarilyo kasama ang 1 litrong tubig.
2. Haluan ng 16 litrong tubig ang dinikdik na amarilyo.
3. Lagyan ng 1 pirasong sabon na Perla. Ibabad sa ½ - 1 oras hanggang matunaw.
4. Salain at i-*spray* sa halaman.

### Paraan ng Paggamit

1. I-*spray* sa halaman tuwing hapon sa loob ng 2 – 3 araw.
2. Maglagay ng 2 kutsarang tuyo at pulbos na dahon at katawan ng amarilyo at *neem tree (*50:50) bilang patuntong sa bawat puno ng halaman.

## LANTANA/DERIS/KAMBING-KAMBING (*Lantana camara*)

### Peste na tatamaan

*Aphids* at *repellant* ng atangya at ibang insekto



### Paraan ng Paggawa

1. Pakuluan ang 2 kilong dahon sa 10 litrong tubig kasama ang 2 pirasong sabon na Perla. Palamigin. Maaari ring dikdikin o ibabad ito ng 8 – 24 oras.
2. Salain at gamitin agad.

### Paraan ng Paggamit

1. Ihalo ang 4 litrong sabaw sa isang *sprayer* (16 litro).
2. I-*spray* tuwing hapon sa loob ng 2 -3 araw.

### Paalala

Maaari ring haluan ng ibang uri ng pangontra sa peste tulad ng gata ng niyog o tabako. Kailangang magamit sa loob ng 8 oras ang sabaw.

## HAGONOY (Chromolaena odorata)

### Peste na tatamaan

*Aphids* at uod



### Paraan ng Paggawa

1. Dikdikin ang 2 kilong dahon ng hagonoy. Maaari ring haluan ng ibang uri ng pangontra sa peste tulad ng gata ng niyog o tabako.